

Chapter One



nis na itinakip ni Frances ang unan sa kanyang mukha nang marinig ang pagri-ring ng phone niya na nasa side table. Antok na antok pa siya at wala siya sa mood na sagutin ang kung sinumang tumatawag.

Lakas makaabala!

Alas doce ng madaling araw na siya nakauwi rito sa bahay nila sa Riala, isang bayan sa lalawigan ng Laguna. May tinapos pa kasi siyang script para sa TV program na *Kultura ni Juan*, kung saan siya writer at researcher.

Sa klase ng trabaho ni Frances, normal na ang magkulang sa tulog at masubsob sa trabaho, dahil lagi silang naghahabol ng deadline o di

kaya ay naghahanap ng bago at magandang topic.

Kaya naman kapag nagkakaroon siya ng pagkakataon na magpahinga ay sinusulit niya. Lalo na ngayon na miss na miss na niya ang kanyang malambot na kama.

Mas idiniin pa ni Frances ang unan sa kanyang tainga nang hindi tumigil sa pagri-ring ang phone niya. Pero kahit na anong diin niya ay parang mas lumalakas pa ang pagtunog niyon. Pilit talaga siyang ginigising.

Inis na bumangon na siya mula sa pagkakahiga at masamang tiningnan ang nagwawalang phone.

“Ang aga-aga! Wala bang magawa sa buhay ang isang ito?” himutok niya habang tamad na inaabot ang telepono at hindi na nag-abalang tingnan kung sino ang tumatawag. Basta niya na lang iyong sinagot.

“Hello?!” Mababakas ang bugnot sa pagsagot niya.

“Aba’t ikaw pa ang may ganang magalit diyan? Hoy, Maria Frances Megalos, nas’an ka na, magaling na babae? Kanina pa kami naghihintay dito sa parke! Pasikat na nga ang araw! Sasama ka pa ba?” galit at tuloy-tuloy na sabi ng babae sa kabilang linya.

Hindi na kailangang tingnan pa ni Frances

kung sino iyon. Boses pa lang, sapat na para magising nang tuluyan ang inaantok niyang diwa.

Lagot! Nakalimutan niya na may outing nga pala silang magkakaibigan ngayon at maghihintayan sila sa parke kung saan naroon ang van na sasakyan nila patungo sa isang beach resort sa Batangas.

“Mina, sorry, papunta na ako...” aniya pero natigilan siya nang makita sa sahig ang dadalhing bag; wala pa iyong lamang gamit.

Bigla siyang nanlumo.

Dahil late na nga si Frances nakauwi kagabi, nakalimutan niyang ayusin ang mga dadalhin sa outing. Nang makita niya kasi ang kama ay agad siyang nag-dive doon at naglakbay sa dreamland.

Mariing pumikit ang dalaga sabay inis na kamot sa kanyang magulong buhok.

Malas naman!

Nag-angat siya ng tingin sa orasan sa ibabaw ng kama niya at lalo siyang nanlumo nang makita kung anong oras na. Alas cinco na pala ng umaga, sobrang late na nga siya sa usapan nila na four thirty magkikita-kita.

“Mina, I’m so sorry, I don’t think I can make it. Magbabiyaha na lang ako. Sorry talaga kung

pinaghintay ko pa kayo. I'm just really dead tired last night.”

Ang pinakaayaw niya pa naman sa lahat ay iyong nakakaagrabyado ng ibang tao. Minsan na nga lang sila magkitang magkakaibigan, paimportante pa siya.

Good job, Frances!

Nang mabalitaan kasi ng mga kaibigan na may long weekend ngayong buwan, naisipan ng mga ito na magplano ng outing. Ngayon lang kasi nagkatagpo ang mga schedule nilang lahat. At madalas ay siya ang hindi nakakasama dahil sa hectic ang schedule niya.

Sa isang resort sa Batangas sila pupunta—ang kilalang *Paradis Resort*. Actually, ang kaibigan nilang si Bernard ang pumili niyon dahil perfect daw ang lugar para sa balak nitong proposal kay Mina. Kaya double purpose ang outing nila.

Napakunot-noo si Frances nang makarinig ng tawanan sa kabilang linya.

“Mina? Hello? ’Andiyan ka pa ba?”

Mukhang nagkakatuwagan yata ang mga ito kaya hindi agad nakasagot ang kaibigan niya.

“Hey?”

“Yes, Frances, nandito pa ako. Sorry, ang totoo kasi ay kanina pa kami nasa biyahe. Inaasahan na

kasi namin na puyat ka dahil almost twelve ka na nakauwi kagabi. Anyway, hindi mo na kailangang magbiyahe papunta sa resort, sinabihan ko na si Denver na sasabay ka sa kanya papunta rito—”

“What!” Para siyang binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Lalo yatang sumakit ang ulo niya, at hindi iyon dahil sa puyat.

Nakarinig muli si Frances ng tawanan sa kabilang linya at nasisiguro niya na nakaloudspeaker siya. Mukhang pinagkakatuwaan siya ng magagaling na kaibigan.

“O, bakit? Ayaw mo ba?” natatawang tanong pa ni Mina. Halatang sinadya ng isang ito na magkasabay sila ni Denver.

Lakas talagang mang-trip!

“May choice pa ba ako?” Kung katabi niya lang ang babae, tiyak na nasabunutan na niya ito sa sobrang inis niya.

“Ano ka ba? Mahirap pumunta rito nang commute lang. Saka mabuti nga at nagkataon na may meeting si Denver nang nine ng umaga kaya susunod na lang siya. Kung hindi, goodbye bakasyon ka na naman, girl. ”

Napairap na lang si Frances sa hangin. Kahit na anong paliwanag nito, alam niyang sinet-up siya ng mga ito.

“By the way, susunduin ka raw niya ng 7:00 AM diyan sa bahay n’yo. Kasabay n’yo rin naman si Arwin dahil puyat din ang isang iyon dahil sa gig kagabi. Ayusin mo na ang dapat ayusin at baka paghintayin mo pa si *Prince Charming*. Saka magpaganda ka at nang ma-in love na siya sa iyo! Ayiii!” pang-aasar pa ni Mina na dinagdagan ng kantiyaw ng mga kaibigan.

“Mina!” Pakiramdam niya ay matutuyuan siya ng dugo sa mga ito. *’Kainis!*

Hindi kasi lingid sa mga kaibigan ni Frances na may gusto siya kay Denver. Actually, nag-confess siya sa lalaki sa harap ng mga ito noong araw bago ang graduation nila noong high school. Kaya wala siyang lusot kapag inaasar siya ng mga ito.

“Okay, see you na lang mamaya. Ayusin mo na ang mga gamit mo, ha? ’Bye!”

Napabuntong-hininga na lang si Frances nang ibaba ang kanyang cellphone. Nagdadalawang-isip ang dalaga kung tutuloy pa ba, pero nangako siya kay Bernard na tutulong sa proposal nito mamayang gabi kay Mina.

Tatal kasama naman nila si Arwin, ito na ang bahalang kumausap kay Denver sa buong biyahe. Matutulog na lang siya.

Inis na nagpagulong-gulong si Frances sa kama niya habang sinasabunutan ang sarili. Mas nai-stress pa siya ngayon kaysa kapag naghahabol siya ng deadline sa trabaho. Parang mas gusto niya pang makatanggap ng sermon sa boss niya kaysa makasama si Denver buong biyahe.

Talaga? Eh, bakit parang excited ka?

“Hindi ’no!” kontra niya sa munting tinig sa kanyang isipan.

Naiiling na tumayo na lang ang dalaga mula sa kama at dinampot ang bag niya sa sahig.

Matapos mag-ayos ng mga dadalhin, naligo na si Frances at agad na dumerecho sa kusina kung saan naabutan niyang abala sa pagluluto ang kanyang ina.

Napangiti siya nang maglakad palapit dito.

“Good morning, Ma!” Masuyong hinalikan niya sa pisngi ang ginang. “Bakit hindi n’yo po ako ginising nang maaga?” Sumandal siya sa gilid ng lababo habang pinapanood ang pagkuha ng ina ng sinangag na niluto nito.

Agad siyang nakaramdam ng gutom; kagabi pa walang laman ang sikhmura niya. Kahapon pa ang huli niyang kain, tinapay at kape lang ang kinain niya.

Kunot-noong tiningnan siya ng ina. “Akala ko ba, kay Denver ka sasabay? Tumawag kasi si Mina sa akin kagabi at sinabi na ’wag ka na raw gisingin nang maaga. Alam niyang pagod ka dahil dumerecho ka na rito galing trabaho.”

Marahas na napabuntong-hininga si Frances sa sinabi ng kaharap. Confirmed. Planado ng magagaling niyang kaibigan ang lahat.

’Kainis talaga!

“Halika na at kumain. Baka dumating na si Denver. Naayos mo na ba ang mga gamit mo?” Pinaghila pa siya ng upuan ng ina kaya ang lapad ng kanyang ngiti.

Ito ang nami-miss ni Frances kapag nasa Manila siya: Ang aruga ng mapagmahal niyang ina. At siyempre ang masasarap nitong luto. Kahit kasi anong aral niyang magluto ay lagi iyong palpak.

“Yes, naayos ko na po ang mga gamit ko. At mamaya pa ang dating nila Denver, seven pa daw, sabi ni Mina,” aniya habang naglalagay ng sinangag sa pinggan. Nilagyan naman iyon ng ulam ng mama niya.

“Kain, Ma!” anyaya niya sabay subo ng sinangag. “Hmm... The best ka talagang cook, Mrs. Megalos!” nag-double thumbs-up na sabi

niya habang ngumunguya.

Nginitian naman siya ng babae at hinimas ang likod niya. “Mamaya na ako, sasabay na lang ako sa papa at mga kapatid mo.”

Apat silang magkakapatid at nagtatrabaho na lahat. Siya ang panganay, pero ayon sa ina, siya ang pinakaisip-bata. Mana raw siya sa kanyang ama.

Napaangat ng tingin si Frances sa ina nang umupo ito sa katabi niyang bangko at tahimik siyang pinagmasdan. Napakunot-noo siya dahil bakas na bakas ang pag-aalala sa mukha ng kausap.

“Bakit, Ma? Masyado ba akong maganda ngayong umaga at grabe kayo kung makatitig sa akin?”

“Maganda ka talaga dahil mana ka sa akin. Pero hindi ’yon ang dahilan. Naalala ko lang kasi na di ba si Denver iyong kaklase mo noong high school na iniyakan mo nang sobra dahil binasted ka? At siya ang dahilan kung bakit hindi ka nagbo-boyfriend hanggang ngayon kahit magti-thirty ka na? Siya iyon, di ba, anak?” sunud-sunod na tanong ng ina na ikinasimangot niya.

Panay kasi ang iyak ni Frances noon kaya napilitan siyang sabihin sa ina ang pangba-

basted ng binata sa kanya.

“Ma, katu-twenty-eight ko pa lang, ginagawa n’yo na agad akong thirty. Saka nakalimutan n’yo na po ba ’yung dalawa kong ex na magaling?” Hindi makapaniwala si Frances nang umaktong parang inaalala pa ng ina kung may mga ex-boyfriend nga ba siya.

Kunot na kunot ang noo nito nang ibalik ang tingin sa kanya.

“Sina James at Arnel ba ang sinasabi mo? Hala! Akala ko manligaw mo lang ang mga ’yon. Ni hindi mo nga pinapasok dito sa bahay kahit sa gate man lang. Hindi nga nakilala ng Papa mo. Ganoon ka ba makipagrelasyon, anak? Ginagawa mong *driver*.” Talagang pinagdiinan pa sa kanya ng ina ang huling salita.

“Grabe ka, Ma!”

Aminado si Frances na hindi niya minahal ang mga dating nobyo. Kahit anong pilit niya, wala talaga siyang maramdaman na espesyal sa mga ito. Likas na may ‘sayad’ na kasi ang puso niya kaya sa bandang huli, hindi nag-work ang mga past relationships niya.

“Anak, hindi kaya kayo ni Denver ang para sa isa’t isa? Nasabi kasi sa akin ni Mina na single ngayon ang lalaking ’yun. Baka ito na ang

pagkakataon mo, anak!”

Hindi makapaniwala si Frances sa narinig kaya nabitawan niya ang hawak na tinidor at bumagsak sa kanyang pinggan. Napapitlag tuloy ang ina dahil sa ingay niyon.

Alam ni Frances ang dahilan kung bakit hindi niya magawang magmahal ng ibang lalaki. Iyon ay dahil hanggang ngayon, si Denver pa rin ang nag-iisang laman ng puso niya. Si Denver pa rin kahit na twelve years na ang nakalipas.

Pero hindi siya ganoon kalupit sa sarili. Sapat na ang isang beses na nagpakatanga siya. Oo nga't may nararamdaman pa siya sa binata, pero hinding-hindi na niya aaminin o ipaparamdam iyon.

Gaya nga ng sinasabi ng iba, '*Sapat na ang minsan.*' Sapat na talaga iyon para patunayang tanga siya.

“Ma, please, let's not talk about him, okay?”

Nabalot naman ng lungkot at pagpapaumanhin ang mga mata ng ina. “Pasensya na, anak. Gusto lang ni Mama na maging masaya ka. Pero, sige, hindi ko na babanggitin si Den....” Natigil ang ina sabay ngiti sa kanya. “Sige na, kumain ka nang marami at mahaba ang magiging biyahe n'yo. O, wala ka nang ulam. Kumuha ka

pa, sa 'yo lahat iyan. Kain lang nang kain.” Muli siya nitong nilagyan ng ulam sa plato.

“I love you, Ma.”

Napapikit siya nang maramdaman ang paghalik ng ginang sa buhok niya.

“I love you, too, anak. K'ain na at baka dumating na ang *Prince Charming* mo. Pakainin mo sila ng breakfast, ha? 'Wag mong sungitan. Mas mahahalata niya lang na mahal mo pa siya.”

Agad na napabitiw si Frances sa pagkakayakap sa ina na tinawanan lang siya.

“Ma! S'abi n'yo...” Napabuntong-hininga na lang siya habang naiiling na pinagpatuloy ang kanyang pagkain.

Chapter Two



“Oh, my God! Seryoso ka na ba, Frances? Magtatapat ka talaga kay Denver ng pag-ib—”

Agad na tinakpan ni Frances ang bibig ni Mina at hinila ito palayo sa bahagyang nakabukas na pintuan ng math club office.

Kasalukuyang nasa loob ang ilan sa mga kaibigan nila at si Denver Acosta na siyang president ng club.

Sa susunod na araw ay graduation na nila at nagpapaalam na ang mga graduating students sa mga club members nito. At dahil kakaunti ang mga estudyante ngayon sa school kasi nga bakasyon, iyon ang nakita ni Frances na magandang pagkakataon

para magtapat ng pag-ibig kay Denver.

Simula first year high school, secret crush na niya ito. Pero noong third year na sila saka lang niya sinabi sa mga kaibigang babae ang tungkol doon. Nahalata kasi ng mga ito ang mga nakaw na tingin niya sa binata.

“Wag kang maingay, Mina. At oo, seryoso ako, sasabihin ko na kay Denver na gusto ko siya,” malapad ang ngiting sabi niya saka sinilip ang bukas na pintuan ng office.

Si Denver ang tanging lalaking nakakuha ng atensyon ng puso niya na kilala sa pagiging bato pagdating sa mga lalaki. Lagi niyang tinatanggi ang mga nanliligaw sa kanya. Lingid sa kaalaman ng iba, may nakabihag na sa kanyang puso.

Nang ibalik ni Frances ang tingin kay Mina ay literal na laglag ang panga ng kaibigan.

“Hoy! Ano’ng nangyari sa iyo?” naguguluhang tanong niya.

Agad namang umayos si Mina pero napakunot-noo siya nang salatin ng kaibigan ang kanyang noo. “May sakit ka ba? Ano’ng nangyari sa ’yo? Nas’an na ang magaling kong kaibigan na si Frances na hindi man lang natitinag ng charisma ng mga kalalakihan? Ngayon, ikaw pa ang magtatapat ng pag-ibig sa isang lalaki?”

Inis na tinabig niya ang kamay ng kaibigan.

“Sira ka talaga! Ikaw pa nga ang nagsabi sa akin na kung hindi ko sasabihin sa kanya na gusto ko siya, hindi niya malalaman ’yun. Tapos ngayon, ganyan ka. Umayos ka nga! Kinakabahan na nga ako rito.”

Muling sumilip si Frances sa pintuan ng club office at napahataw siya bigla sa braso ni Mina nang makitang naglalabasan na ang mga member ng math club.

“Aray naman!”

Huling lumabas ang mga kaibigan nilang sina Raven Villas, Bernard Cruz, Chloe Lim, at ang huli ay si Denver Acosta.

Seryosong-seryoso ang mukha ng kanyang crush na normal na nitong ekspresyon. Nakikipag-usap ito sa best friend nitong si Bernard.

Hindi maiwasan ni Frances na pagmasdan ang kabuoan ng lalaki. Isa sa mga dahilan kung bakit nagustuhan niya si Denver ay dahil sa tangkad nito. Kahit 5’6” na siya pero hanggang balikang lang siya nito.

Pero ang labis na nakakuha ng atensyon niya ay ang singkit nitong mga mata na parang laging galit kung makatingin. Kapag nakangiti naman ito, may sariling ngiti ang mga mata nito.

So charming!

“Guys!” Napapitlag si Frances sa kaba nang biglang tawagin ni Mina ang mga ito.

“Ano ka ba!” saway niya sa kaibigan pero inirapan lang siya nito.

“Akala ko ba, seryoso ko na? Bakit parang aatras ka riyang?” anito.

Napanguso siya. Hindi man lang siya binigyan ng pagkakataon na magdasal para humingi ng lakas ng loob.

“Hey, tapos na kayong magpaaalam sa mga club n’yo?” Si Raven ang naunang lumapit, sabay akbay sa kanya. Sanay na si Frances dito dahil ito ang best friend niya.

“H-ha? O-oo... Sila Chrisha hindi pa. Nasa science club pa sila nina Lenard at Vic. Si Arwin naman, may practice kasama ang banda para sa performance nila sa graduation,” utal-utal na paliwanag ni Frances habang sumusulyap kay Denver na kausap pa rin ni Bernard.

Seryosong-seryoso ang dalawa sa pag-uusap, siguro ay tungkol sa graduation iyon dahil ang dalawa ang kanilang valedictorian at salutatorian.

“Bakit parang namumutla ka? Inaway ka na naman ba ng mga taga-art club?” kunot-noong tanong ni Raven na nakakuha sa atensyon ng iba pa nilang kaibigan. Maging si Denver ay nilingon siya

at naghihintay ng isasagot niya.

Napalunok na umiling si Frances saka napatungo. Labis ang kabang nararamdaman niya lalo na nang magtagpo ang mga mata nila ng hinahangaang binata.

Hindi na niya mahabol ang bilis ng tibok ng kanyang puso. Makakaya niya kayang magtapat dito? Para siyang aatakihin.

“Hindi siya iniway ng mga epal na third year, takot lang ng mga bruhaang iyon sa akin.” Si Mina ang sumagot dahil natahimik na siya.

“Eh, ba’t ganyan ang itsura ni Frances?” tanong ni Chloe na lumapit pa sa kanya at inangat ang mukha niya para mapagmasdan nitong mabuti.

Umiling siya at inalis ang kamay nitong nakahawak sa magkabila niyang pisngi. “A-ayos lang ako.”

Pilit na ngumiti si Frances, pero hindi nawala ang pagkakakunot-noo ng kabigan.

“Kinakabahan lang iyan dahil may sasabihin kay Denver,” biglang sabi ni Mina.

Hindi makapaniwalang tiningnan ito ni Frances. Hindi man lang siya hinintay na makabangon sa kaba at basta na lang siya nilagay sa hot seat!

Tinaasan lang siya nito ng kilay. Parang sinasabing, ‘Akala ko ba ready ka na?’

“What?” Si Raven na hindi nawala ang pagkakunot-noo sa kanya.

Ang mga babaeng kaibigan niya lang kasi ang nakakaalam na gusto niya si Denver. Nahihiya kasi siya kay Raven dahil close ang dalawa.

Sasagot sana siya pero biglang nagsalita si Denver, “Ano’ng sasabihin mo sa akin, Frances?”

Nang mga oras na iyon, pakiramdam niya ay humiwalay ang kanyang kaluluwa dahil ilang saglit siyang napatanga lang sa lalaki.

Mayamaya, nag-iwas siya ng tingin dito at humugot ng hininga. Pilit na pinalalakas ang loob.

It’s now or never!

Isa-isa niyang tiningnan ang mga kaibigan na nag-aabang ng sasabihin niya. Muli, ibinalik niya ang tingin kay Denver.

“D-Denver... kasi... ano... I... I l-like you.” Utal man at nanlalambot sa kaba, nagawa niyang sabihin iyon sa lalaki. Pinagsalikop niya ang mga kamay na literal na nanginginig.

Nabalot ng nakakabinging katahimikan ang buong paligid. Mababakas sa mukha ng mga kaibigan niya ang pagkabigla, lalo na ng mga lalaki.

Si Denver naman ay mataman lang na nakatingin sa kanya kaya ramdam na ramdam niya ang pamumula ng mga pisngi. Gayunpaman, pilit

niyang kinayang salubungin ang mga tingin nito.

Hindi niya mabasa ang iniisip ng lalaki dahil blangko lang ang ekspresyon ng mukha nito. Mas lalo tuloy kinabahan ni Frances.

Mayamaya, tumikhim si Denver at nag-iwas ng tingin sa kanya. Doon pa lang, alam na niyang hindi na maganda ang sasabihin nito.

“May girlfriend na ako, Frances. I’m sorry.” Iyon lang ang tanging sinabi ni Denver at umalis ito bigla.

Iniwan siya na tulala... at bigo!

Pakiramdam ng dalaga, gumuho ang bawat piraso ng katawan niya dahil sa narinig. Hindi siya makapaniwala... hindi niya matanggap iyon.

Bawat salita nito ay tila tumusok sa kanyang puso.

Hanggang sa maramdaman niya na lang ang pagyakap sa kanya ni Raven.

Noong unang beses pa lang na makita niya si Denver sa classroom nila noong first day niya bilang high school, nakuha na ng lalaki ang kanyang atensyon. Hindi niya maipaliwanag pero ang lakas ng dating nito sa kanya. Iyon nga lang, hindi niya naman ito magawang lapitan o kausapin dahil nahihiya siya.

Hanggang sa na-realize niya noong third year sila na ang dahilan kung bakit ilang siya at hindi

magawang kausapin si Denver kagaya ng iba niyang mga kaklaseng lalaki, ay dahil may nararamdaman siya para rito. Na siya ring dahilan kung bakit hindi niya magawang i-entertain ang mga manliligaw niya noon.

Ngayon lang siya nagkaroon ng lakas ng loob na aminin sa lalaki ang damdamin niya, pero malas niya, may girlfriend na pala ito. Nahuli na siya. O baka wala naman talaga siyang pag-asa simula pa lang.

He was her first love... and but he broke her heart.



Eksaktong seven ng umaga ay narinig ni Frances ang pagtigil ng sasakyan sa tapat ng bahay nila. Agad na tumayo siya mula sa sofa na kinauupuan at naglakad papunta sa pintuan habang ang phone ay nakatapat sa kaliwang tainga.

Kanina niya pa kausap sa kabilang linya ang co-writer niyang si Riza dahil sa script na ginawa niya. May kaunti raw problema at dahil hindi siya makakapunta sa office ay sa phone nila inaayos iyon.

“Oo, Riz, nasa folder D iyong original na script bago ko in-edit. Pasensya na kung kailangan mo pang ayusin ang ginawa ko. Babawi na lang ako

sa 'yo pagbalik ko ng Manila.”

“Sure, ikaw pa. Pero okay na sa akin ang concert ticket ng *The Stereo*,” natatawang sagot ni Riza, tinutukoy ang sikat na rock band ngayon sa Pilipinas kung saan drummer ang kaibigan niyang si Arwin.

“Oo ba. Tamang-tama at kasama si Arwin sa outing namin ngayon.”

Nailayo ni Frances sa tainga ang phone niya nang malakas na nagtitili si Riza.

Binuksan niya ang pinto ng bahay nila at sumandal sa hamba noon habang nakatingin sa itim na kotse na tumigil sa tapat ng gate nila. Naunang bumaba si Arwin na nakasuot ng dark shades. Gulu-gulo pa ang buhok nito, halatang galing sa pagtulog. Mukhang hindi na nga ito nag-abalang maligo.

Agad na nginitian siya ng kaibigan at pumasok na sa bukas na gate nila.

“Gusto mo bang makausap si Arwin, Riz?” tanong niya na lalong kinatili sa kilig ng co-writer niya. Fan na fan kasi talaga ito ng *The Stereo*.

“Seryoso? OMG! Hindi pa ako nagsisipilyo. Gosh!”

Napailing na lang si Frances sa sinabi ng kaibigan. “Hindi naman nito maaamoy ang

hininga mo. Saka mukhang hindi pa nga naliligo ang butiking ito.”

Napakunot-noo ni Arwin na nasa harapan na niya. “Sino’ng butiki? Ikaw talaga, Frances, sinisiraan mo na naman ako. Susumbong na talaga kita sa lawyer ko,” banta ng lalaki.

Inaasar niya ito nang ganoon dahil bilugan ang mga mata nito na hawig sa butiki. Matangkad din ito at medyo payat.

Hindi niya pinansin ang sinabi ni Arwin at inilahad lang ang kamay sa lalaki. “Tickets?” Tuwing may concert ang banda ng kaibigan ay automatic na binibigyan sila nito ng mga tickets.

Napailing na lang ang binata sa kanya, “Don’t worry, nasa bag ko. Mamaya ko na ibibigay. Sino ba ’yang kausap mo?”

“Si Riza, kakausapin ka raw.” Hindi na niya hinintay na pumayag si Arwin at basta na lang niyang itinapat sa tainga nito ang phone niya.

“Hello? Si Arwin ito ng *The Stereo*. Good morning, beautiful,” masiglang bati ng lalaki, sanay na sanay talagang makipag-usap sa *fangirl*.

Pigil ang pagtawa ni Frances nang makita ang pagkunot-noo ng lalaki habang nakikinig sa kabilang linya.

Hindi nagtagal, ibinalik na nito ang phone sa

kanya. “Bakit?” nagawa niya pang itanong kahit alam niya naman kung bakit.

“Tili lang nang tili, wala akong maintindihan,” reklamo ni Arwin saka dumerecho ng pasok sa bahay nila. At home na ito dahil dito sila madalas tumambay noong high school.

“Riz, si Frances na ito. Kalma!” aniya nang itapat ang phone sa tainga.

“OMG! I can’t believe na nakausap ko si Arwin! Waaaah! He called me beautiful! Frances, hulog ka talaga ng langit sa buhay ko.”

“Malala ka na, Riz,” aniya.

Napatingin muli siya sa kotse nang marinig ang pagsara ng isa sa mga pintuan niyon. Nakita niya si Denver na bumaba sa driver seat at ngayon ay nakatingin na sa kanya habang naglalakad papasok ng gate.

Hindi niya maiwasang pagmasdan ang kabuoan nito. He was wearing a blue polo shirt and a white khaki shorts. At gaya ni Arwin, naka-dark shades din ito pero hinubad na nang pumasok sa gate nila.

Hindi gaya sa kaibigan, maayos ang gupit ng buhok nito. Higit na matangkad ito kay Arwin kaya mas lamang ang dating nito... para sa kanya. Hindi naman sa nagiging bias siya pero kahit

maraming babaeng baliw na baliw kay Arwin, higit na mas guwapo si Denver sa paningin niya. Sa shape pa lang ng mukha nito ay solve ka na, idagdag pa ang malapad na dibdib nito at magandang katawan na halatang pinaghirapan sa gym. At ang singkit nitong mga mata na mala-agila kung makatingin. Kahit yata sinong babae, matutunaw kapag natitigan nito. Ang matangos nitong ilong at natural na mapupulang labi—

Syete!

Napalunok si Frances sabay iwas ng tingin sa lalaki dahil naging aware na siya na nakatitig siya rito. Titig na may pagnanasa.

Tumikhim siya at naalala na may kausap nga pala siya sa phone.

“Riz, tawagan mo na lang ako kung may problema pa. Dala ko naman ang laptop ko.”

“Okay, sige. Enjoy na lang sa bakasyon. Buti ka pa, samantalang ako, mga papel ang kapiling ngayong weekend. Uwian mo naman ako ng guwapo, ha?” hirit pa ng babae.

“Akala ko pa naman, okay ka na kay Arwin. Anyway, ano ba’ng gusto mo, *AFAM* o Philippine-made?” biro niya na muling kinatili ng lokang kaibigan.

“*AFAM* siyempre para malaki, girl!” malokong

sagot ng co-writer na lalo niya lang ikinatawa. Pagbigyan na ang mga single na hanggang *fantasy* na lang.

“Malala ka na talaga. Akala mo naman kakayanin mo kung makapaghangad ka.” Nahawa na tuloy siya ng kamunduhan nito. “Bye na, see you on Monday, Riz.”

“Sure, ingat, Frances.”

Nang ibalik niya ang tingin sa gate ay napasinghap pa siya sa gulat nang makitang nasa tapat na niya si Denver at kunot-noong nakatingin sa kanya. Bigla yatang sumama ang timpla nito.

“Bakit?” nagtataakang tanong niya.

Tinaasan siya nito ng kilay. “Ikaw, ano’ng gusto mo AFAM o Philippine-made?”

Napanganga si Frances. Mayamaya, napahalukipki siya’t tinaasan din ito ng kilay.

“Kailan ka pa natutong makinig sa usapan ng may usapan?” pagtataray niya kahit ang totoo ay gusto niyang matawa. *Si Riza kasi!*

“Ngayon lang,” masungit na sagot nito sabay nilampasan siya at dumerecho na sa loob ng bahay nila.

May toyo ’ata ’to! Ang aga-aga!

“Guys! K’ain na tayo, mahaba pa ang biyahe

natin!” sigaw ni Arwin mula sa kusina.

Chapter Three



Tahimik lang si Frances habang nakaupo sa backseat buong biyahe. Sina Arwin at Denver na siyang magkatabi sa harapan ng kotse ang nag-uusap.

Inabala na lang niya ang sarili sa pagta-type sa laptop ng bagong script na ginagawa niya at ipapasa next week, habang nakikinig ng music sa kanyang phone. Hindi ganoon kalakas ang volume niyon para marinig niya kung may sinasabi sa kanya ang dalawa.

“Frances, *Starbucks* tayo habang nasa meeting si Denver?” dumungaw sa kanyang tanong ni Arwin.

“Sure,” nakangiting sagot niya nang alisin

ang isang earphone sa tainga. Aksidenteng napatingin siya kay Denver sa rearview mirror at sakto naman na nakatingin din pala ang lalaki sa kanya. Ilang saglit na nagtama ang kanilang mga mata.

Iwas na sana siya ng tingin nang biglang magtanong ito. “Hindi ba sumasakit ang ulo mo, nagta-type ka habang nasa biyahe?”

“Sanay na,” tipid ang ngiting sagot ni Frances bago niyuko ang laptop niya. Hindi niya talaga kayang tagalan ang pakikipagtitigan kay Denver. Masyadong intimidating ang mga mata nito. Tila ba natutunaw siya.

“Ikaw, pare, hindi ba sumasakit ang ulo mo sa katitingin sa rearview mirror?” natatawang tanong ni Arwin na umani ng batok mula kay Denver. “Aww! Solid iyon, pare! Sakit!”

“High ka na naman kasi!” naiiling na asik ni Denver saka nag-focus na lang sa pagda-drive.

Hindi na niya inintindi ang asaran ng dalawa at ibinalik ang pansin sa ginagawa. Muli lang siyang nag-angat ng tingin nang maramdaman ang pagtigil ng kotse. Nasa parking lot na sila ng *Nuvali*.

“Sandali lang naman ang meeting ko, puntahan ko na lang kayo sa *Starbucks*,” sabi ni

Denver na sa kanya nakatingin. Tumango na lang si Frances.

Nilingon niya si Arwin na inaayos ang buhok habang nakatingin sa repleksyon sa salamin ng kotse.

“Uy, halika na!” Tinapik siya nito sa balikat.

“Wait lang. Baka may makakilalang fans sa akin, gulo-gulo ang buhok ko.” Patuloy na inayos nito ang natural nang magulong buhok. May pagkakulot kasi ito.

Naiiling na napabuntong-hininga na lang si Frances. Naramdaman niyang nasa tabi niya pa rin si Denver at tahimik lang na nakatingin sa kanila, kaya ibinalik niya ang tingin dito.

“Sige na, baka hinihintay ka na ng boss mo,” aniya.

“On the way pa raw siya. Pero, sige, p’unta na ako roon.” Parang may sasabihin pa ito dahil ilang saglit pang nanatili sa tabi niya, bago umalis na rin.

“Ang weird n’on,” nasabi ng dalaga habang nakasunod ng tanaw kay Denver.

“Pareho lang kayo,” sagot ng kaibigan kaya inis na hinataw niya ito sa balikat.

“Tama na iyan! Maaga pa kaya walang fans na makakakita sa ’yo rito.” Hinila na niya ito sa

braso papunta sa coffee shop.

At gaya ng inaasahan, kakaunti pa lang ang tao roon. Pinili nilang maupo sa table na malapit sa pinto para makita agad sila ni Denver.

“Ano’ng order mo?” tanong ni Arwin na hawak na ang wallet nito.

“Iced Americano,” sagot niya saka kinuhanan ng picture si Arwin. Nabigla ito kaya nakanganga sa picture.

“What the hell!” singhal ng lalaki.

“Ipapakita ko kina Mina. Ebidensya na for the first time, manlilibre ka.” Agad na in-edit niya ang picture para i-post sa kanyang *Instagram* account.

“Grabe ka! Gan’on ba ako kakuripot?” Sunud-sunod siyang tumango na ikinasimangot lalo ni Arwin.

“Lakad na! Order na at baka hindi mo pa ako ilibre,” taboy niya.

“Actually, pinag-iisipan ko nga iyan.”

Nailing na lang si Frances nang sa wakas ay maglakad na ito papunta sa counter.

Sa kanilang lahat, si Arwin talaga ang pinakakuripot, pero nanlilibre naman ito minsan. At ang minsan na iyon ay once a year lang. As in!

@francesmego1: ATM with @fakearwintan

#libre #thankGod

Pinost niya ang picture ni Arwin sa IG niya at hindi nagtagal, agad nag-comment ang mga kaibigan nila.

Panay lang ang tawa ni Frances habang nagbabasa ng comments ng magagaling nilang kaibigan. Napapitlag tuloy siya sa gulat nang biglang ibagsak ni Arwin ang tray ng order nila. Nakabusangot ito.

“Ang saya mo, samantalang ang panget ng picture na pinost mo. Ano na lang ang sasabihin ng mga fans ko?” reklamo ng lalaki sabay inom sa iced mocha nito at upo sa katapat niyang bangko.

“Kahit tulo pa ang laway mo sa picture, sure ako na hindi mababawasan ang fans mo. Look at the comments.”

Agad namang ginawa iyon ng kaibigan at ilang saglit lang, tawa na ito nang tawa habang nagbabasa ng mga comments ng fans nito.

“Iba na talaga ang kaguwapuhan ko. Bumabaha ng papuri. Wala pang ligo ’yan, ah.”

“Narcissistic,” nailing na sagot na lang ni Frances bago inom ang kanyang kape.

Lumipas ang mga sandali at abala silang pareho ni Arwin sa phone nila nang may biglang umupo sa kanyang tabi at inagaw ang iniinom

niyang kape. Nang mag-angat siya ng tingin, si Denver ang sumalubong sa kanya. Malapad ang ngiti nito habang iniinom ang kape niya.

“Akin ’yan, eh,” nakangusong reklamo niya.

“Bakit hindi ako kasama sa pinost mo sa *Instagram*?” sabi ni Denver nang ibalik sa kanya ang kape na nangangalahati pa lang.

“Pare naman, minsan ko lang masolo si Frances, eepal ka pa!” sabat ni Arwin na ang mga mata ay nanatili sa phone nito.

“Ikaw ’tong epal sa amin!”

“Ako kaya date niya, sumulpot ka lang.”

“Sino’ng nagsabing date ito?”

Hindi makapaniwalang napailing si Frances habang nakatingin sa dalawa na tila mga batang nagtatalo sa tabi niya.

“Tumigil na nga kayong dalawa. Halika na at nang makaabot tayo ng lunch sa resort. Isang bayan na lang daw, nandoon na sina Mina,” saway niya. Tumayo na si Frances pero dahil nasa tabi niya si Denver ay hindi siya makalabas. Nasa dulo kasi siya katabi ng glass wall.

“Let’s go,” tawag niya sa lalaki na kunot-noong nakatingala sa kanya.

“Hindi pa ubos ang kape mo.” Itinuro nito ang kape na balak na sana niyang iwan. Wala

na siyang balak inumin iyon dahil naiilang siya. Ininuman na kasi ng ex-crush niya.

Hindi sa nag-iinarte siya pero ayaw niyang mabaliw na naman ang pasaway niyang puso sa idea na nag-share sila ni Denver sa isang straw.

What are you? Still in high school, Frances?

“Okay na ako,” tipid na sagot niya.

“Ayaw mo na ba dahil ininuman ko?”

Nabigla ang dalaga sa tanong na iyon ni Denver. Mababakas ang pait sa pagkakasabi nito. Mukhang na-offend ito sa ginawa niya.

“H-ha? No...” Napatingin siya kay Arwin nang biglang tumawa ang kaibigan habang nakatingin sa kanila.

“Hindi pa nga kayo, LQ agad?”

Mariing napapikit siya sabay iling dahil sa sinabing iyon ni Arwin. Nagawa pa talaga nitong magbiro sa ganitong sitwasyon.

Napatingin sila kay Denver nang bigla itong tumayo.

“Forget about it. Ibibili na lang kita ng bago. Sorry kung ininuman ko ang kape mo,” walang kangiti-ngiting anito saka pumunta sa counter.

Napamaang si Frances. Mukhang nasaktan talaga ang binata sa ginawa niya. Hindi niya naman sinasadya.

Naiilang lang kasi siya, para kasing nag-kiss na sila kapag ganoon.

“Denver!” Susunod dapat siya pero pinigilan siya ni Arwin at isinenyas na hayaan na lang ang lalaki.

“Moody talaga iyang si Architect Acosta, kaya hayaan mo na lang. Pero matanong ko lang, Frances, pag si Raven, okay lang naman sa 'yo pag umiinom sa kape mo. Nagsusubuan pa nga kayong dalawa. Pero bakit kay Denver, hindi? Dahil ba mahal mo pa rin siya kaya naiilang ka?”

Napakagat-labi siya sa tanong na iyon ni Arwin.

Nang hindi niya malaman ang sasabihin, nakatungong umiling na lang siya.

Naramdaman ni Frances ang pagtayo ni Arwin. Lumapit ito sa kanya at tinapik siya sa balikat. “It’s okay. Gaya nga ng sabi nila, first love will always stay in your heart no matter what. Kahit anong sama ng loob, hindi ito magagawang alisin. Kaya magtapat ka ulit,” natatawang sabi nito.

“Imbento ka!” Hinampas niya ito sa balikat.

“Let’s go.”

Napapitlag pa siya nang biglang marinig ang boses ni Denver mula sa likuran niya. Nang

tingnan niya ang lalaki, inabot nito sa kanya ang kape nang wala pa ring ngiti.

“Denver—”

“Baka ma-traffic pa tayo.” Iyon lang at nauna na itong lumabas sa coffee shop. Halatang galit ito.

Malungkot na tiningnan ni Frances si Arwin na nagkibit-balikat lang bago siya inalalayan palabas, pasunod kay Denver sa parking lot.

Nauna nang sumakay ang lalaki sa kotse at padabog na isinara nito ang pinto kaya napangiwi siya.

“Sa backseat na ako. Kulang pa ang tulog ko.”

Nanlalaki ang mga matang tiningnan niya si Arwin. Pinagbuksan siya nito ng pinto ng kotse. Sa shotgun seat.

“Kakakape mo lang. Umayos ka nga!” pabulong na sabi ni Frances dahil nakatingin na sa kanila si Denver. May mababakas na inip sa mukha nito.

“Mas maiinis si *Prince Charming* kung magpipilitan pa tayo rito. ’Antok pa ako, Frances, seryoso!”

Napabuntong-hininga na lang siya at napilitang umupo sa front seat.

Pinili na lang ni Frances na ibaling ang tingin

sa labas ng bintana habang iniinom ang kapeng binili ni Denver.

Gusto niya sanang humingi ng sorry sa lalaki pero hindi niya alam kung papaano. Nahihiya siya.

“Sorry na kung nagalit ka, di naman sinasadya... Sorry na talaga sa aking nagawa... wag sanang magtampo, sorry na...” animo’y lasing na kanta ni Arwin sa backseat habang nakahiga.

Hindi makapaniwalang tiningnan ito ni Frances, pero may talukbong na jacket ang mukha ng loko. Nang bumalik siya sa pagkakaupo, nagtama ang tingin nila ni Denver, pero saglit lang iyon dahil ibinalik agad nito ang tingin sa daan.

Napatikhim siya at tumingin na lang sa labas ng bintana, pero ang isipan niya ay nagtatalo kung hihingi na ba siya ng sorry kay Denver o hindi.

Pinili niya ang una at muling ibinalik ang tingin sa lalaki. Ilang sandali na pinagmasdan niya lang ito. Kunot ang noo ng binata habang nagda-drive.

“Gusto mo?” alok niya ng kape rito. Saglit na tiningnan siya ng lalaki bago umiling.

Napakagat-labi tuloy siya. Hindi niya

maintindihan kung paano susuyuin ang lalaki.

“Sorry na, Denver. Nabigla lang kasi ako. Bukod kasi sa pamilya ko, si Raven lang ang lalaking hinahayaan kong makasalo sa pagkain o inumin ko. Parang kapatid kasi ang turing ko sa isang iyon. Hindi ko lang talaga inaasahan iyong kanina. Nailang lang ako, I am really sorry,” puno ng paumanhin na sabi niya habang nakatingin sa lalaki. Hindi na niya matagalan ang sitwasyon nila.

Nilingon naman ulit siya nito. “Kung ganoon, bakit inaalok mo ako ngayon?”

“Naisip ko kasi na okay lang din naman dahil kaibigan din kita,” kibit-balikat na tugon niya.

Hindi na muling kumibo si Denver kaya napakagat-labi siya. Mukhang may nasabi na naman siyang mali. Blangko lang kasi ang expression sa mukha nito habang nagda-drive.

Ilang sandali silang nabalot ng katahimikan. Pagkatapos, biglang tumawa si Arwin. “Aww... lupet ng tadhana, pare!”

Hindi maintindihan ni Frances kung ano ang ibig nitong sabihin.

Inis na nilingon niya ang drummer sa likod ng sasakyan. “Natutulong ka ba talaga o gumagawa ka lang ng milagro d’yan?” tanong niya na bigla

namang ikinatawa ni Denver kaya napabaling siya uli rito.

Nabigla siya, hindi kasi ito palatawa. Lagi itong seryoso at tahimik kagaya ng best friend nitong si Bernard. Hindi niya tuloy maiwasang mamangha habang nakatingin dito nang sandaling iyon.

“Frances, baka matunaw!” sigaw ni Arwin kaya agad siyang nag-iwas ng tingin kay Denver.

Ramdam niya ang pamumula ng mga pisngi niya lalo na’t nakita niya sa kanyang peripheral vision na si Denver naman ang nakatingin sa kanya ngayon... habang nakangiti at kagat ang ibabang labi. *Heck!*

Balak na niya sanang huwag pansinin ang lalaki pero ilang minuto na itong pasulyap-sulyap sa kanya. Nag-uumpisa nang mabalot ng hindi magandang damdamin ang kaloob-looban ni Frances. At hindi maganda iyon dahil nanganganib ang puso niya. *Na naman.*

“Denver, you are driving,” saway niya nang muli siya nitong lungunin.

Mariing napapikit siya nang marinig ang muling pagtawa nito at pagkanta ni Arwin ng *Ikaw* ni Yeng Constantino.

Mukhang magiging mahaba ang biyahe

nilang ito.

Lord, protektahan N'yo po ang puso ko, parang awa Ninyo na po!



“Hmmm...” ungol ni Frances nang maramdaman ang mahinang pagtapik sa kanyang balikat. Ayaw niyang imulat ang mga mata dahil inaantok pa siya.

“Halikan mo na kaya, pare?” narinig niyang malokong sabi ng kung sinong pamilyar na boses.

“Baka sampalin ako, eh,” natatawang sagot ng isa pang pamilyar ding boses.

Dahil doon, kunot-noong iminulat niya ang mga mata at muntikan na nga niyang masampal si Arwin nang mukha nito ang bumungad sa kanya. Nakadungaw ito sa kanya mula sa backseat at nanlalaki ang mga mata.

“Ano ba!” Inis na sigaw niya rito sabay itinulak palayo sa kanya. Sinamaan niya naman ng tingin si Denver nang tumawa ito.

“Grabe! Totoo pala ang kasabihan na galitin mo na ang lasing ’wag lang si Frances na bagong gising.”

Inis na binato niya kay Arwin ang jacket nito na nakakumot sa kanya.

Mukhang ipinatong iyon ng lalaki sa kanya nang makatulog siya sa biyahe.

Habang kinukusot ang mga mata, tiningnan ni Frances ang labas ng kotse. Nasa isang parking lot na sila.

“Asan tayo?” tanong niya na umayos ng pagkakaupo.

“Nasa parking lot tayo ng resort. Kararating lang natin. Hinihintay na nila tayo sa restaurant sa loob ng *Paradise* para sabay-sabay nang mag-lunch,” pagbibigay-alam ni Denver na ikinatango niya.

“Ah, pasensya na, nakatulog ako,” sabi niya habang tinatangal ang seatbelt niya. Nauna nang bumaba si Arwin at kinuha ang mga bag nila sa likod ng kotse.

“It’s okay. Mukhang puyat na puyat ka,” puna ni Denver bago bumaba ng kotse.

Bababa na rin sana siya at bubuksan ang pintuan pero nabigla siya nang pagbuksan siya ng binata at alalayang bumaba. Ang bilis nitong nakaikot.

“Thanks, ang bilis mo, ha?” Nginitan lang siya ng lalaki kaya nagkibit-balikat na lang siya.

“Let’s go, gutom na ako!” tawag sa kanila ni Arwin na bitbit na maging ang bag niya.

“Akin na ’yan. Mabigat iyan, eh,” aniya.

“Naliliitan ka ba sa katawan ko, Miss?”
Ipinakita pa ni Arwin ang biceps nito sa kanya.

Naiiling na natawa na lang si Frances.

Nauna nang naglakad si Arwin papunta sa dining hall ng resort.

Nilingon ni Frances si Denver na dala ang bag nito saka ni-lock ang kotse.

“Hinihintay mo ako?” nakangiting tanong nito.

“Obvious ba?” Napairap na lang siya pero ang totoo ay nahihiya siya.

Hindi niya rin alam kung bakit hinihintay niya ang binata. Basta natagpuan niya na lang ang sarili na nakatayo roon habang nakasunod ang tingin dito.

Natatawang kinurot ni Denver ang pisngi niya. “Cute mo!”

Napanguso naman si Frances. “Cute lang, hindi maganda?”

Lalong natawa ang binata sabay akbay. “Sobrang ganda.”

Natawa na lang din siya, pero ang loob niya ay naloloka na dahil sa pagkakaakbay ng lalaki sa kanya.

They were too close... for the first time. At

sinabihan pa siyang maganda.

Double kill ka, teh!

Sige, Frances, bigyan mo pa ng dahilan ang puso mo para umaasa na naman. Kaloka ka! sermon ng munting tinig sa isipan niya, pero binalewala niya lang iyon. Labis ang sayang nararamdaman niya ngayon para intindihin iyon.

Sabay silang naglakad papasok sa loob ng resort, at magkaakbay pa.

Nang lumapit sila kay Arwin na nasa reception area, malapad ang ngiti nito habang kinukuhanan sila ng picture.

“Payback time!” tuwang-tuwa pang hiyaw nito at nagkutingting ng kung ano sa phone. Base sa ngiti ng kaibigan, alam niyang wala itong balak na maganda sa picture na kinuha nito.

Umalis si Frances sa tabi ni Denver at sinubukang lumapit kay Arwin.

“Hoy!” Akmang aagawin niya ang phone nito pero mabilis na tumakbo palayo ang lalaking panay ang tawa.

This is not good!

Chapter Four



*R*elationship goals #finally #iwitness.
Mariing ipinikit ni Frances ang mga mata at isinandal ang ulo sa malambot na sandalan ng sofa na kinauupuan nila ni Chrisha.

Nasa common room sila ng cottage nilang mga babae nang bigla silang maka-receive ng notification na may pinost si Arwin sa *Instagram* nito. At hindi na niya kailangang tingnan iyon. Natitiyak ni Frances na hindi niya ikatutuwa kung anumang pinost ng magaling na kaibigan. And she's right.

“Geez, the picture got thousands of likes already.” At hindi nakatulong sa dilemma niya

ang balitang iyon ni Chrisha.

Arwin is a huge celebrity with one million followers on *Instagram*, at expected nang bawat post nito ay aabot sa daang libo ang likes. At nasisiguro niya na maging ang mga kakilala at kamag-anak nila ay makikita ang post nito. And it meant trouble with capital T.

Dahil ang pinost na picture ng magaling niyang kaibigan na poging-pogi sa sarili ay iyong kuha nito kung saan magkaakbay sila ni Denver habang papunta sa reception area. At ayon sa mga kaibigan, para silang couple ni Denver dahil sobrang sweet nilang tingnan sa picture. Mas lalo tuloy ayaw niyang makita iyon.

Ganoon pa man, nagpapasalamat si Frances na hindi kanina habang naglu-lunch sila pinost ni Arwin ang picture na iyon, kung hindi, siguradong uulanin sila ni Denver ng asar mula sa mga kaibigan.

“You know what, Fran—”

“I don’t know!” putol niya sa sasabihin sana ni Mina.

Binato tuloy siya nito ng throw pillow sa mukha.

“Ang sakit, ha!” Inis na tiningnan niya ito na agad naman siyang inirapan.

“Buti nga sa ’yo. But seriously, you two really look good as a couple. And that look in his eyes... Girl, haba ng hair mo!” natatawang sabi ni Mina at nakipag-high five pa kay Chrisha na sumang-ayon sa sinabi nito.

“Don’t get too far, it’s just a picture.” Napailing si Frances sa mga ito at muli sanang ipipikit ang mga mata dahil unti-unti na niyang nararamdaman ang pagod, pero biglang lumapit sa kanya si Mina at pinagngudngudan sa kanya ang phone nito—kung saan makikita ang picture nila ni Denver na pinost ni Arwin.

At hindi napigilan ni Frances na mapatanga sa picture.

Lahat ng mga sinabi ng kaibigan tungkol doon ay hindi niya mapigilang sang-ayunan. They really looked like a couple.

Nakaakbay si Denver sa kanya habang matamang nakatingin at may matamis na ngiti sa kanya, iyong tipong parang nakatingin ito sa pinaka-perfect na masterpiece sa buong mundo. It sounded cliché but that’s really how he looked at her on the picture. Habang siya ay bahagyang nakatungo, kita ang kanyang masayang pagtawa.

They were just talking, but in this picture... Indeed, they really looked like a loving couple.

Dang it!

Inilayo ni Frances ang phone ni Mina sa mukha niya at binigyan ito ng masamang tingin. Ayaw niyang isipin ng mga kaibigan na naapektuhan siya ng picture, kahit na alam niyang sarili niya lang ang niloloko niya.

“Stop making a big fuss about it,” sabi niya.

Napabuntong-hininga na lang si Mina sa kanya.

“Love is really complicated,” naililing na sabi naman ni Chrisha, na gaya niya ay single din nang panahong iyon.

“Right. But in this case, Frances is the only one who’s complicated,” segunda ng kanina pa walang imik na si Chloe. Nasa balcony ito at prenteng nakahiga lang sa hammock na naroon.

“Tama! Tatandang dalaga ang isang ito,” dagdag pa ni Mina na bumalik na sa kinauupuan nito kanina. Inis na binato niya ang throw pillow pabalik dito.

“Thanks, ha? You guys are the sweetest friends ever!” sarcastic na sagot niya.

“You’re welcome. By the way, congrats! Official na kayong dalawa. Your li’l sis commented on the picture.”

Napatayo bigla si Frances dahil sa sinabing

iyon ni Chloe.

Agad niyang kinuha ang kanyang phone na kanina pa nakapatong sa center table. Binuksan niya ang *Instagram* app doon. And the moment she saw her sister's comment on the picture, sinumpa niya na hindi matatapos ang araw na ito nang hindi niya nakakalbo si Arwin.

@lovelyaddyII: @francesmegoI Wow, congrats, Ate! Pinakita ko 'to kina Papa at sabi nila, isama mo raw sa bahay si Kuya Denver para mag-dinner next week. Hahaha #finally #welcomebayaw

At hindi lang iyon ang ikinaloka niya, talagang nag-reply pa si Denver sa comment ng kapatid niya. Three seconds lang ang pagitan ng dalawang comments. Meaning he had seen the post at once, and was totally fine with it. And here she was freaking the hell out because her family became a part of this joke.

@denveracosta_0327: yah... Finally. @lovelyaddyII see you next week then.

Hindi makapaniwalang tiningnan ni Frances sina Chloe, Mina at Chrisha na gaya niya ay nagbabasa ng mga comments sa picture. Panay ang tawa ng mga ito habang siya ay umabot na sa sukduan ang pagka-*shooked* sa mga nangyayari.

Things were getting crazier every second.

“Ah, buwiset!”



Hindi na mabilang ni Frances kung nakailang hikab na siya simula nang umalis sila ni Chrisha sa cottage nila, patungo sa event hall ng resort kung saan gaganapin ang proposal ni Bernard kay Mina mamaya.

Nirentahan pa talaga ng lalaki ang buong hall. Effort kung effort ang lolo mo!

“Ahh!” muli ay hikab niya habang kinukusot ang kanyang mga mata na pupungay-pungay pa. She was really tired but she couldn't let Bernard down. Special ang araw na ito para sa lalaki. Pero bitin talaga ang isang oras na idlip niya.

Hindi kasi siya agad nakatulog kaiisip sa lecheng picture na iyon na pinost ni Arwin. At lihim na dinadasal ni Frances na sana ay hindi niya muna makita si Denver kahit hanggang sa matapos ang paghahanda nila para sa proposal. Hindi niya alam kung paano ito haharapin.

Pero gaya ng sabi ng marami, sadyang mapagbiro ang tadhana dahil kahit malayo pa sila sa hall ay tanaw na niya si Denver na nakaupo sa isa sa mga table roon. Kausap nito si Raven.

“Boys!” tawag ni Chrisha nang makapasok sila sa hall.

Agad na lumingon sa kanila ang dalawa at hindi niya maiwasang mapairap nang tawanan siya ni Raven nang magtama ang mga mata nila.

Napakabuting kaibigan.

Samantalang si Denver ay mataman lang na nakatingin sa kanya habang nakangiti. Mukhang masaya pa ito sa biro ni Arwin. “Andito na pala ang girlfriend mo, pare!” anunsyo pa ni Raven na siniko pa si Denver.

Inis na hinataw ito ni Frances sa balikat nang makalapit.

“Shut it! By the way, nasaan ang magaling n’yong kaibigan? Mata lang ng butiking iyon ang walang latay sa akin,” nanggagalaiting asik niya habang inililibot ang tingin sa event hall.

Naiiling na hinila siya ni Raven paupo sa tabi nito, habang nasa kaliwa niya naman si Denver na nakatingin lang sa kanya. Tinaasan niya ito ng kilay pero muli lang siyang nginitian ng binata, kaya iniwas niya ang tingin dito. Mahirap na baka maakit pa siya.

“Nakita mo na ba nang personal ’yung picture? Tsk! Ngayon lang ulit kayo nagkitang dalawa pero may akbayan nang nagaganap! Bilis, ah?” tukso ni Raven.

“You sound jealous, *Uwak.*”

Iyon ang pang-asar ni Frances dati kay Raven na naging endearment na niya rito. *Tweety* naman ang tawag nito sa kanya dahil mas malaki pa raw ang ulo niya kaysa katawan. Ang ibig nitong sabihin, mayabang siya.

“Tsk! Humangin na naman...” kunwari ay inis na sabi nito na ikinatawa niya.

Kinurot niya pa ang lalaki sa pisngi at agad naman itong gumanti kaya nauwi sila sa harutan.

Natigil lang sila nang tumikhim si Chrisha.

“Respeto naman kay Denver. Baka umiyak ’to,” natatawang anang babae kaya napatingin sila sa nabanggit na binata. Tipid na ngumiti lang ito, saka agad na nag-iwas ng tingin sa kanila ni Raven.

“Pare, hindi kami talo nito kaya huwag mo akong pagselosan. *Past is past*,” sambit ni Raven na agad na ikinakunot ng kanyang noo.

“Ano ba’ng sinasabi mo riyon? Para kang sira! Hindi kami ’no! Kakainis kasi ang bituking iyon, eh. ’Asaan na ba sila?” pag-iiba niya ng usapan. Hindi na niya tiningnan pa si Denver.

Ayaw niyang malaman kung ano ang naging reaksyon nito sa sinabi niya. Wala naman siyang sinabing mali, eh.

“Nasa labas sila ng resort at hinihintay ang

delivery ng mga materials na gagamitin para pang-design sa hall. Padating na ang mga iyon,” paliwanag ni Raven.

“Ganoon ba? Restroom muna ako.” Tumayo si Frances at tiningnan si Chrisha. “Sama ka?”

“Sure.”

Sabay naglakad sila papunta sa banyo.

Nang naghuhugas na siya ng kamay sa sink ay napansin niya ang pagtitig sa kanya ni Chrisha.

“What?” natawang untag niya.

“I think Denver likes you, Frances.” Tuluyan na siyang natawa sa sinabing iyon ng kaibigan.

“Let’s not season Arwin’s foolishness with expectations. It’s not good for my heart.”

Nakangiti man, alam ni Frances na bakas ang pait sa sinabi niyang iyon.

Nilapitan siya ng kaibigan at niyakap. “I’m sorry. It’s just my observation. Anyway, I’m in kung saan ka masaya, Frances.”

“Thanks, Chrisha.” Gumanti siya ng yakap.

Pero napaisip si Frances sa sinabi ng babae. Ano nga ba ang magpapasaya sa kanya?

Honestly, she had no idea.